مُلخَّص رسالة:

# «حقوقٌ دعت إليها الفطرة وقرَّرتها الشَّريعة»

للعلامة: محمَّد بن صالحٍ العثيمين رَحِمَهُ ٱللَّهُ

Isang Buod sa:

# Mga karapatang pinanawagan ng Fitrah at sinang-ayunan ng Shari'ah

Ni: Shaykh Mohammad Bin Salih Al-Uthaymeen



| | | | |
|---|---|---|---|
| Wika: | Arabic - Filipino | العربيَّة – الفلبينية | اللُّغة: |
| Mga target na lugar: | ........................<br>........................ | ........................<br>........................ | المناطق المُستهدفة باللُّغة: |
| Isinalin ni: | Abu Ibraheem Al-Hafeyz Bautista | أبو إبراهيم الحافز باوتيستا | ترجمة: |
| Nirebisa ng: | Scientific division of the Sunnah Institute | القسم العلمي بمعهد السنة | مراجعة: |
| Tagapangasiwa: | Dr. Haytham Sarhan | د. هيثم سرحان | إشراف: |
| Edisyon at Taon: | Una - 1443H | الأولى – 1443هـ | النسخة والسَّنة: |

Unang Edisyon
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan para sa bawat Muslim

Makipag-ugnayan sa: islamtorrent@gmail.com

فسح وزارة الإعلام

بسم الله الرحمن الرحيم

## Unang Karapatan: Ang mga karapatan ng Allah

Ang sambahin Siya nang Nag-iisa nang walang anumang katambal, at maging isang aliping mapagpakumbaba, masunurin na sumasamba sa Kanya, sumusunod sa Kanyang mga utos, umiiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, at naniniwala sa Kanyang ipinahayag sa atin. Ito ay isang perpektong Aqeedah (Islamikong kredo), paniniwala sa katotohanan, at matuwid na mabungang mga gawa. Ito ay isang Aqeedah na nakabatay sa pagmamahal at pagluwalhati; ang bunga nito ay katapatan at tiyaga.

## الحقُّ الأوَّل: حقُّ الله تعالى

أن تعبده وحده لا شريك له، وتكون عبدًا مُتذلِّلًا خاضعًا له، مُمتثلًا لأمره، مُجتنبًا لنهيه، مُصدِّقًا بخبره.

عقيدةٌ مُثلى، وإيمانٌ بالحقِّ، وعملٌ صالحٌ مُثمرٌ.

عقيدةٌ قِوامها: المحبَّة والتَّعظيم، وثمرتها: الإخلاص والمُثابرة.

## Pangalawang Karapatan: Ang karapatan ng Sugo ng Allah ﷺ

Ang karapatan ng Sugo ng Allah ﷺ ay parangalan, iginagalang, at dinadakila nang naaangkop sa kanya nang walang pagmamalabis ni kakulangan.

Ang paniniwala rin sa kanya sa kung ano ang kanyang ipinahayag sa atin tungkol sa nakaraan at hinaharap na mga pangyayari, pagsasabuhay ng kanyang ipinag-utos sa atin, pag-iwas sa kanyang ipinagbabawal, paniniwala na ang kanyang patnubay ay ang perpektong patnubay, at pagtatanggol sa kanyang Sharee'ah (batas ng Islam) at patnubay.

## الحقُّ الثَّاني: حقّ رسول الله ﷺ

توقيره، واحترامه، وتعظيمه؛ التَّعظيمَ اللَّائقَ به، من غير غُلوٍّ ولا تقصيرٍ.

وتصديقُه فيما أخبر به من الأمور الماضية والمُستقبَلة، وامتثالُ ما به أمرَ، واجتناب ما عنه نهى وزجرَ، والإيمانُ بأنَّ هديَه أكملُ الهدي، والدِّفاعُ عن شريعته وهديه.

## Pangatlong Karapatan: Karapatan ng mga Magulang

## الحقُّ الثَّالث: حقّ الوالدين

Maging mabait sa kanila sa pamamagitan ng pakikitungo sa kanila nang may kabutihan sa salita at gawa, sa kayamanan at katawan, at pagsunod sa kanilang mga utos sa bagay na hindi pagsuway sa Allah at hindi nagdudulot ng anumang pinsala sa iyo.

أن تبرَّهما، وذلك بالإحسان إليهما قولًا وفعلًا، بالمال والبدن، وتمتثل أمرهما في غير معصية الله، وفي غير ما فيه ضررٌ عليك.

## Pang-apat na karapatan: Karapatan ng mga anak

## الحقُّ الرَّابع: حقّ الأولاد

(1) Pag-aaruga: ito ay ang pagpapa-unlad ng relihiyon at mabuting ugali sa kanilang mga puso sa isang mataas na pamantayan

(2) tustusan sila sa makatwirang paraan, nang walang pagmamalabis o kapabayaan.

(3) Hindi maaaring magkaroon ng kahigitan ang isa sa kanila sa isa pa sa paggastos at mga regalo.

(1) التَّربية؛ وهي تنمية الدِّين والأخلاق في نفوسهم، حتَّى يكونوا على جانبٍ كبيرٍ من ذلك.

(2) أن يُنفَق عليهم بالمعروف، من غير إسرافٍ ولا تقصيرٍ.

(3) ألَّا يُفضَّل أحدٌ منهم على أحدٍ في العطايا والهبات.

## Panglimang karapatan: Ang Mga karapatan ng mga kamag-anak

## الحقُّ الخامس: حقّ الأقارب

Itaguyod ang mga ugnayan ng pagkakamag-anak na may kabaitan sa pamamagitan ng paggamit ng iyong panlipunang posisyon, pisikal na pagsisikap upang makinabang sila, at sa pananalapi depende sa kung gaano sila kalapit at nangangailangan.

أن يصل قريبه بالمعروف؛ ببذل الجاه، والنَّفع البدنيِّ، والنَّفع الماليِّ بحسب ما تتطلَّبه قوَّة القرابة والحاجة.

## Pang-anim na Karapatan: Ang Mga karapatan ng mag-asawa

## الحقُّ السَّادس: حقّ الزَّوجين

Ang mamuhay ang isa't isa sa mabuting paraan at ibigay ang karapatan na nararapat sa kanya nang may pagpaparaya at kadalian nang walang anumang pamimilit o pagpapaliban sa

أَن يعاشر كلٌّ منهما الآخر بالمعروف، وأن يبذل الحقَّ الواجب له بكلِّ سماحةٍ وسهولةٍ، من غير

تكرُّهٍ لبذله ولا مُماطلةٍ.

pagtupad sa mga karapatan ng bawat isa.

من حقوق الزَّوجة على زوجها: أن يقوم بواجب نفقتها من الطَّعام والشَّراب والكسوة والمسكن وتوابع ذلك، وأن يعدل بين الزَّوجات.

Kabilang sa mga karapatan ng asawang babae sa kanyang asawa: tuparin niya ang tungkulin ng pagtustos sa kanya sa mga tuntunin ng pagkain, inumin, pananamit, pabahay, at iba pa, at pantay ang pakikitungo niya sa lahat ng kanyang asawa.

من حقوق الزَّوج على زوجته: أن تطيعه في غير معصية الله، وأن تحفظه في سرِّه وماله، وألَّا تعمل عملًا يضيِّع عليه كمال الاستمتاع.

Kabilang sa mga karapatan ng asawang lalaki sa kanyang asawa: sumusunod sa kanya sa bagay na hindi pagsuway sa Allah, pinoprotektahan ang kanyang mga lihim at kayamanan, at hindi gagawa ng isang bagay na makakasira sa kanyang ganap na kasiyahan.

## الحقُّ السَّابع: حقّ الولاة والرَّعيَّة

## Pangpitong Karapatan: Ang Mga karapatan ng mga namumuno at nasasakupan

حقوق الرَّعية على الوُلاة: أن يقوموا بالأمانة الَّتي حمَّلهم الله إيَّاها، وألزمهم القيام بها؛ من النُّصح للرَّعيَّة، والسَّير بها على النَّهج القويم الكفيل بمصالح الدُّنيا والآخرة، وذلك باتِّباع سبيل المؤمنين.

Ang mga karapatan ng mga nasasakupan sa mga namumuno: tuparin ang tiwala na ipinagkaloob sa kanila ng Allah at ipinag-uutos sa kanila, tulad ng pagpapayo sa kanilang mga nasasakupan at pag-akay sa kanila sa tamang landas na ginagarantiyahan ang kanilang kapakinabangan sa mundo at sa kabilang-buhay, at iyon ay sa pamamagitan ng pagsunod sa landas ng mga mananampalataya .

حقوق الولاة على الرَّعيَّة فهي: النُّصح لهم فيما يتولَّاه الإنسان من أمورهم، وتذكيرهم إذا غفلوا، والدُّعاء لهم إذا مالوا عن الحقِّ، وامتثال أمرهم في غير معصية الله، ومُساعدتهم.

Ang mga karapatan ng mga namumuno sa mga nasasakupan ay: pagpapayo sa kanila sa kung ano ang pananagutan ng isang tao sa kanilang mga gawain, pagpapaalala sa kanila kung sila ay naging pabaya, paggawa ng Du'a' para sa kanila kung sila ay lumihis sa katotohanan, pagsunod sa kanilang mga utos sa hindi pagsuway sa Allah, at pagtulong sa kanila.

## الحقُّ الثَّامن: حقّ الجيران

الجار: هو القريب منك في المنزل، يُحسِن إليه بما استطاع من المال والجاه والنَّفع، ويكفُّ عنه الأذى القوليَّ والفعليَّ.

(1) إن كان قريبًا منك في النَّسب وهو مسلمٌ؛ فله ثلاثة حقوقٍ: حقُّ الجوار، وحقُّ القرابة، وحقُّ الإسلام.

(2) إن كان مسلمًا وليس بقريبٍ في النَّسب؛ فله حقَّان: حقُّ الجوار، وحقُّ الإسلام.

(3) وكذلك إن كان قريبًا وليس مسلمًا؛ فله حقَّان: حقُّ الجوار، وحقُّ القرابة.

(4) إن كان بعيدًا غير مسلمٍ فله حقٌّ واحدٌ: حقُّ الجوار.

## Pangwalong Karapatan: Karapatan ng mga kapitbahay

Ang kapitbahay ay isang taong malapit sa iyo. Dapat kang maging mabuti sa kanya sa kung ano ang maaari mong gamitin, ang pera, posisyon sa lipunan, at tulong. Dapat mo ring iwasan ang anumang salita o pisikal na pinsala.

(1) Kung siya ay isang kamag-anak at isang Muslim, siya ay may tatlong karapatan: ang karapatan ng kapit-bahay, ang karapatan ng pagkakamag-anak, at ang karapatan ng Islam.

(2) Kung siya ay isang Muslim ngunit hindi kamag-anak, mayroon siyang dalawang karapatan: ang karapatan ng kapit-bahay at ang karapatan ng Islam.

(3) Gayundin, kung siya ay isang kamag-anak at hindi isang Muslim, siya ay may dalawang karapatan: ang karapatan ng kapit-bahay at ang karapatan ng pagkakamag-anak.

## الحقُّ التَّاسع: حقّ المسلمين عمومًا

منها السَّلام، وأن تجيبه إذا دعاك، وأن تنصحه إذا استنصحك، وأن تشمِّته إذا عطس فحمد الله، وأن تعوده إذا مرض، وأن تتَّبعه إذا مات، وأن تكفَّ الأذى عنه.

حقوق المسلم على المسلم كثيرةٌ، ويمكن أن يكون المعنى الجامع لها هو قوله ﷺ: «**الْمُسْلِمُ أَخُو الْمُسْلِمِ**»؛ فإنَّه متى قام بمُقتضى هذه الأُخُوَّة

## Pangsiyam na Karapatan: Ang mga karapatan ng mga Muslim sa pangkalahatan

Mula rito ay ang: pagbati ng Salam; kung anyayahan ka niya, tanggapin mo ang paanyaya; kung humingi siya sa iyo ng payo, payuhan mo siya; kung siya ay bumahing at nagsabi ng 'Alhamdulillah', sabihin ang 'Yarhamukallah'; kung siya ay may sakit, dalawin siya; kung siya ay namatay, sumama sa kanyang libing; iwasang magdulot sa kanya ng anumang pinsala .

Ang mga karapatan ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay marami, at ang mga ito ay maaaring ibuod sa kasabihan ng Propeta ﷺ na: ((**Ang isang Muslim ay kapatid ng isang Muslim**)). Ang pagtupad sa

اجتهد أن يتحرَّى له الخير كلَّه، وأن يجتنب كلَّ ما يضرُّه.

mga hinihingi ng kapatiran na ito ay magtutulak sa isang tao na magsumikap na hanapin ang lahat ng kabutihan para sa kanyang kapatid na Muslim at iwasan ang anumang makakasama sa kanya.

## الحقُّ العاشر: حقّ غير المسلمين

## Pansampung Karapatan: Ang mga karapatan ng mga di-Muslim

يجب على وليِّ أمر المسلمين أن يحكُم فيهم بحكم الإسلام في النَّفس والمال والعِرض، وأن يُقيم الحدود عليهم فيما يعتقدون تحريمه، ويجب عليه حمايتهم وكفُّ الأذى عنهم.

Ang isang Muslim na namumuno ay dapat mamuno sa kanila na may batas ng Islam sa kanilang buhay, kayamanan, at karangalan, magtakda ng mga limitasyon sa kanila ayon sa kung ano ang Haram (ipinagbabawal), at dapat niyang protektahan sila at huwag saktan sila.

ويجب أن يتميَّزوا عن المسلمين في اللِّباس، وألَّا يُظهروا شيئًا مُنكَرًا في الإسلام، أو شيئًا من شعائر دينهم؛ كالنَّاقوس، والصَّليب.

Ang mga hindi naniniwala ay dapat na makilala mula sa mga Muslim sa panamit. Gayundin, hindi sila dapat magpakita (sa publiko) ng anumang bagay na hindi kanais-nais sa Islam o alinman sa mga ritwal ng kanilang relihiyon, tulad ng kampana o krus.